Pangalan: Generoso “Hisham” Alcanar
Paksa ng Khutbah: “Ang Antas ng Pagkakalikha sa Tao sa Iba pang Nilikha”
Isinaayos ni: Bro. Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 12, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدَا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ano nga ba ang kalagayan o estado ng ating pagkakalikha kung ikukumpara sa iba pang nilikha ni Allah Subhanahu Wa Ta’Ala? Maaari ba tayong magmalaki kung mayroon tayong magandang kabuhayan, mataas na pinag-aralan o kaya’y maraming negosyo? Mga kapatid, kung malalaman lamang po natin ang iba pang mga nilikha ni Allah at ikumpara ang mga iyon sa ating sarili, tiyak na tayo ay manliliit at wala tayong maipagmamalaki sa ating mga sarili, at makikita natin kung gaano tayo kaliit sa Paningin ng ating Tagapaglikha.

Mga kapatid, nais ko pong ibahagi kung gaano Kadakila ang ating Panginoong si Allah. Malalaman o makikita natin kung ano ang ating kalagayan at antas kumpara sa iba pang nilikha ni Allah. Batid po natin na napakarami nang nanirahan at naglaho na dito sa Mundo simula pa sa ating amang si Adan na ating pinagmulan. Sa kasalukuyan ay mayroong humigit-kumulang sa 8 billion na bilang ng mga taong naninirahan o nabubuhay sa Mundo na ayon sa huling talaan ng mga tao. Sadyang napakarami na po ng mga tao na nanirahan sa Mundo na nilikha ni Allah. Billion, trillion, zillion na ang nabuhay at marami pang mabubuhay dito sa Mundo hanggang sa huling henerasyon, kaya naman si Allah ay lumikha

ng isang napakalaking Mundo na sadyang angkop para sa Kanyang mga nilikha at kailanman ay hindi ito mapupuno ng mga tao at mga hayop nang dahil sa laki nito.

Ngunit, ano nga ba ang Mundo kung ikukumpara sa araw? Ang isang astronomer ay nag-ulat tungkol dito na ang sukat ng Mundo kung ikukumpara sa araw ay kinakailangan ng 1.3 million na mundo bago mapuno ang araw. Allahu Akbar! Ang araw ay isa lamang sa mga bituin na ating makikita sa kalangitan na nilikha ni Allah. Ang mga astronomer ay may estimate na mayroong 100 thousand million of stars sa isang galaxy. Lingid po sa ating kaalaman mayroong million of stars na higit na mas malaki ang sukat kung ihahambing sa araw at ang nakamamangha pa rito ay kailangan ng millions of millions of stars bago mapuno ang isang galaxy at ang higit pa na nakamamangha rito ay mayroong zillion of galaxy na nakapalibot sa ating Mundo. Ayon sa talaan ng siyensya ay mayroong makikitang zillion of zillions na galaxy sa kalangitan at ang lahat ng ito ay makikita sa unang palapag ng kalangitan pa lamang. At mayroon po tayong pitong palapag ng kalangitan at si Allah Subhanahu Wa Ta’Ala ang lumikha ng pitong palapag ng kalangitan nang nag-iisa lamang. Allahu Akbar! Katotohanan, sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ إِنَّا زَيَّنَّا ٱلسَّمَآءَ ٱلدُّنْيَا بِزِينَةٍ ٱلْكَوَاكِبِ ﴾ الصافات: 6

***“Katotohanan, Aming pinalamutian ang kalangitang pinakamalapit sa Mundo ng palamuti ng mga bituin.”*** (As-Saffat : 6)

Pitong kalangitan na ang pagitan ng una at pangalawang kalangitan ay 500 years, iyan ay distansya na kung lalakbayin ng pinakamabilis na paglalakbay. Ang Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi:

"قَالَ هَلْ تَدْرُونَ كَمْ بَيْنَكُمْ وَبَيْنَهَا؟ قَالُوا اللَّهُ وَرَسُولُهُ أَعْلَمُ. قَالَ بَيْنَكُمْ وَبَيْنَهَا مَسِيرَةُ خَمْسِمِائَةِ سَنَةٍ." أخرجه الترمذي

*“Alam niyo ba kung ilan ang pagitan niyo at ang pagitan niya (lupa at kalangitan)? Sila ay nagsabi: Si Allah at ang Kanyang mensahero ang higit na nakakaalam. Siya ay nagsabi: ‘Ang pagitan ninyo at pagitan niya ay limang daang taon sa pinakamabilis na paglalakbay.”* (Inulat ni At-Tirmidhi)

At tanging si Allah lamang ang nakakaalam ng bilis na ito. 500 years sa una at pangalawang kalangitan. 500 years sa pangalawa at pangatlong kalangitan, pangatlo papunta sa pang-apat, pang-apat papunta sa pang-lima, pang-lima papunta sa pang-anim, at pang-anim papunta sa pang-pito. Bawat kalangitan ay may 500 years na pagitan sa pinakamabilis na paglalakbay. Allahu Akbar! At sa ibabaw ng kalangitan o sa lahat ng nilikha ay mayroong makikitang tubig sa ibabaw nito. At sa ibabaw ng tubig na ito, dito makikita ang ‘Arsh at Kursi ni Allah. Napag-usapan po natin ang pitong kalangitan, ngayon ay kung ikukumpara ang Kursi sa pitong kalangitan, ang pitong kalangitan ay mawawalan ng kabuluhan.

Si Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagpaliwanag nito: Kumuha ka ng singsing sa iyong daliri at ilagay mo sa napakalawak na disyerto. Ang singsing ay mawawalan ng kabuluhan at sa katunayan ang singsing ay hindi na makikita pa sa lawak ng disyerto. Ang pitong kalangitan ay inihambing ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) sa singsing at ang Kursi ni Allah ang napakalawak na disyerto. Allahu Akbar! At kung ikukumpara naman ang Kursi sa ‘Arsh (Trono ni Allah), ang Kursi ni Allah ang magiging singsing at ang ‘Arsh ni Allah ang magiging napakalawak na disyerto. Allahu Akbar!!!

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, pagkatapos nating marinig kung gaano Kadakila at Makapangyarihan si Allah Subhanallah, mayroon pa ba tayong maipagmamalaki kung ikukumpara natin ang ating antas ng pagkakalikha sa iba pang nilikha ni Allah?

Ating pagnilay-nilayin na kung tayo man ay biniyayaan ni Allah ng mga malalaking biyaya, masaganang pamumuhay, malakas na pangangatawan dahil sa ating kabataan, malakas at matinong pag-iisip upang maisagawa natin kung anuman ang ating naisin, ay atin ding isipin na ang lahat ng ito ay mayroong hangganan at ang lahat ng ito ay babawiin at maglalaho sa anumang sandali na naisin ng ating Tagapaglikha. At ito ay kailangan nating tanggapin sapagkat ang lahat ng mga ito ay nakatakda na, kaya huwag tayong magmalaki sa ating mga sarili. Nararapat nating ibigay ang karapatan ni Allah Subhanahu Wa Ta'Ala matapos Niyang ibigay sa atin ang ating mga karapatan at pangangailangan. Ito ay ang pagdakila at tunay na pagsamba sa Kanya lamang, ang pagsunod sa Kanyang mga ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang ipinagbabawal ng walang pag-aatubili, pagmamahal sa ating mga magulang, sa ating mga kamag-anakan, sa ating mga kapatiran na malapit o malayo man sa atin.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ  يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***